

KIANKAWASAKI
INTERNATIONAL
ASSOCIATION
NEWS**KUMUSTA KAWASAKI***Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City*

Imbitasyon: Laro ng Kawasaki Frontale

川崎フロンターレ市制記念試合



Bilang pag-alala ng pagkakatag ng Kawasaki bilang Siyudad, idaraos ang labanan ng Kawasaki Frontale VS Nagoya Grampus sa Todoroki Athletic Stadium, ika-26 ng Hulyo, 7 pm.

Sa araw na ito magkakaroon ng espesyal na panauhin kung saan magtatanghal sa half time show kung kaya't siguradong maa-aliw ang lahat ng dadalo!

Sa anibersaryong ito, 1000 pairs ng mamamayan ang imbitado bale 2000 katao ang inaasahang darating. Magsadya sa Todoroki Athletic Stadium upang sumuporta sa layunin ng Kawasaki Frontale na manalo at mapabilang sa J-league.

Paraan ng pag-aplay: maghanda ng self-addressed return post card (ofuku hagaki). Isulat ang pangalan, address, edad, numero ng telepono. Sa return card naman isulat ang address at pangalan, at ipadala sa 〒210-8577 Shimin • Kodomo kyoku City Sales Kouhou shitsu hanggang ika-4 ng Hulyo (deadline) Sa inyong katanungan, tumawag sa 044-200-2245 Shimin • Kodomo kyoku City Sales Kouhou shitsu.



2008 International Festival in Kawasaki

2008 インターナショナル フェスティバル イン かわさき

Ipagdiriwang sa ika-13 ng Hulyo ang 2008 International Festival in Kawasaki sa Kawasaki International Center ng Nakahara Ward mula alas 10 ng umaga.

Sa araw na ito, mapapanood ang iba't ibang pagtatanghal gaya ng Niko ng China, Russian Dance, Hawaiian Dance at iba pang Cultural Presentation sa entablado. Makikita rin ang iba't ibang produkto ng bansang Ecuador, Brazil, Peru at iba pa.



Kabilang sa pagtatanghal ang ika-20 taong anibersaryo ng Australia, Wollongong • Kawasaki Friendship, 100th years anniversary ng Brazil emigrants, bukod pa rito may Flea Markets at iba pang ibentos. Upang marating ang lugar, sumakay ng Toyoko Line at bumaba sa Motsumiyoshi station. 10 mins walk. Sa mga detalye: 044-435-7000. Kawasaki International Association.



Outdoor Pools at Parks : Opening

公園野外プールオープン

Daishi Park at Todoroki Ryokuchi Outdoor Pools ay bukas na!!!

Ito ay nag-umpisa na mula pa noong ika-10 ng Hulyo (Huwebes) hanggang ika-31 ng Agosto (Linggo) Magagamit itomula alas 10 ng umaga hanggang alas 5 ng hapon.

Ang bayad ng entrans para sa buong araw ay ¥300 para sa may edad na 15 taong gulang pataas, ang mga may 3taong gulang hanggang mag-aaral ng junior highschool ay ¥100 yen.

Upang marating ang Daishi Park Pool, bumaba sa [Higashi mon Eki mae] ng Keikyu-Daishi Line o mula sa JR Kawasaki Eki, mag bus at bumaba sa [Dai machi]. Sa Todoroki Ryokuchi outdoor Pool naman, Mula JR, sumakay ng bus mula Tokyu-toyoko Line, Musashi Kosugi at bumaba sa [Shiei Todoroki Ground Mae].

Kung may nais itanong, tumawag sa [Kankyo kyoku Koen Ryokuchi Kyokai] sa numerong 044-200-2394.



外国人への無料医療情報

Ang Asao Foreigners Medical Information Helpline ay itinatag ng Asao ku chiiki shinkouka kung saan ang mga boluntaryo ay nagbibigay ng libreng serbisyo tungkol sa impormasyong pang medikal. Ito ay magsisilbi sa mga dayuhang mamamayang malapit sa Asao tulad ng (Asao, Tama, Miyamae, Machida at Sagami-hara) Tuwing Lunes at Biyernes ika-10 hanggang ika-3 ng hapon sa mga wikang Ingles, Kastila at Intsik. Tumawag sa 044-951-6468. Mga temang maaaring ikunsulta ay: mga pagamutang malapit sa Asao ward, mga impormasyon ukol sa mga check-ups, bakuna at ng sistema ng pagpapagamot at insyurans ng Japan atbp.

May problema ka? Tawag na o magsadya sa: Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki

Silid –Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

■ Konsultasyon sa iba't-ibang Wika

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Wikang Kastila: Martes at Miyerkoles

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

■ Oras ng Konsultasyon

10:00 ng umaga ~16:00 ng hapon



Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki

〒211-0033 Kawasaki International Center

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp HP URL:http://www.kian.or.jp/